REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panlungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 15-224

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN NA LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN SA PAG-UPA SA PAGITAN NG PUNONGLUNGSOD KGG. MGGL. JAIME R. FRESNEDI BILANG KINATAWAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD AT G. CATALINO SOLEMA, MAY-ARI NG ISANG PARSELA NG LUPA NA KINATITIRIKAN NG BAYANAN HEALTH CENTER NA MATATAGPUAN SA BARANGAY BAYANAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA HALAGANG PITONG LIBONG PISO (PHP7,000.00) KADA BUWAN O MAY KABUUANG HALAGANG WALUMPU'T APAT NA LIBONG PISO (PHP84,000.00) SIMULA ENERO 1, 2015 HANGGANG DISYEMBRE 31, 2015 NA KUKUNIN SA 2015 EXECUTIVE BUDGET SA ILALIM NG PANGLUNGSOD NA TAGAPAMAHALA.**

*******************************************************************************

Ipinanukala ni:

*Kgg. Kon. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Kon. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga*
*Kgg. Kon. Ringo A. Teves*
*Kgg. Kon. Alexander B. Diaz*
*Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo*
*Kgg. Kon. Luvi P. Constantino*
*Kgg. Kon. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla*
*Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday*
*Kgg. Kon. Robert A. Abas*
*Kgg. Kon. Robert P. Baes*

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** si ***G. Catalino D. Solema*** ang siyang nagma-mayari ng isang parsela ng lupa na kinatitirikan ng **Bayanan Health Center** na may sukat na Isangdaan (100) metro kwadrado na matatagpuan sa No. 80 San Guillermo St., Barangay Bayanan, Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** simula 1980 hanggang sa kasalukuyan ang nasabing lote ay ginagamit ng Bayanan Health Center upang magbigay ng serbisyong pangkalusugan;

**SAPAGKAT,** ang magkabilang panig ay namayagan na ang magiging halaga ng upa sa nasabing parsela ng lupa ay **Pitong Libong Piso (Php7,000.00)** kada buwan na magsisimula sa **Enero 31, 2015** hanggang **Disyembre 31, 2015**;

**SAPAGKAT,** anumang pagbabago na gagawin ng Pamahalaang Lokal sa nasabing lote ay kinakailangan ang isang kasulatan na namamayagan mula sa may-ari ng lupa bago ito maisagawa;

**SAPAGKAT,** ang nasabing ***Bayanan Health Center*** ay kailangang ipagpatuloy ang pagrenta sapagkat ito ay pinakikinabangan ng mamamayan ng Barangay Bayanan;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay mayroong nakalaang badyet/pondo para sa pagbabayad ng nasabing upa sa nabanggit na lote;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN AT PINAGPASYAHAN PANG MULI,** ng 7th Sangguniang Panlungsod, na binibigyan ng kapangyarihan na lumagda sa isang Kasunduan sa Pag-Upa sa pagitan ng *Punonglungsod Kgg. Mggl. Jaime R. Fresnedi* bilang kinatawan ng Pamahalaang Lungsod at *G. Catalino Solema,* may-ari ng lote sa isang parsela ng lupa na kinatitirikan ng Bayanan Health Center na matatagpuan sa Barangay Bayanan, Lungsod ng Muntinlupa sa halagang Pitong Libong Piso (Php7,000.00) kada buwan o may kabuuang halagang Walumpu't Apat na Libong Piso (Php84,000.00) simula Enero 1, 2015 hanggang Disyembre 31, 2015 na kukunin sa 2015 Executive Budget sa ilalim ng Panlungsod na Tagapamahala (City Administrator).

**PINAGTIBAY,** ng ***7th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-**11** ng **Mayo, 2015** sa ginanap na ***ika-81st Regular na Sesyon.***

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. MGGL. RAUL R. CORRO**
*Miyembro*

**KON. Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Miyembro*

**KON. LOUISITO A. ARCIAGA**
*Miyembro*

**KON. RINGO A. TEVES**
*Miyembro*

**KON. ALEXANDER B. DIAZ**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. MA. DHESIREE G. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. ELMER S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. RAFAEL T. SEVILLA**
*Miyembro*

*Pahina 3*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 15-224*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. ROBERT P. BAES**
*Miyembro*

**LIBAN:**

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. BAL NIEFES**
*Miyembro*

**KON. STEPHANIE G. TEVES**
*Miyembro*

**KON. INHR. NEPTALI S. SANTIAGO**
*Miyembro*

**KON. CELSO C. DIOKO**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Asosasyon ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* JUN 01 2015

***Norie/7th SP***